

Kayamanan, Pag-aasam, at Paghilom sa Ad-dēm ng mga Ibaloy

L.A. E. PILUDEN

lepiluden@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Baguio

ABSTRAK

Nakatalâ sa saliksik ni Ramon P. Santos, *Ang Repertoryong Pantinig ng Ibaloi sa Kabayan* (2017), ang isang *ad-dēm*, isang awiting tumatawag sa mga kabunyan at ang kani-kanilang daláng biyaya sa mundo ng mga Ibaloy: ang *balitok* (ginto), *kintoman* (puláng bigas), *nowang* (kalabaw), at ang *polos* (gâbi). Ang mga kasangkapang ito ay may taglay na pagpapakahulugang nakapaloob sa kabuuáng *chiva* (sistema ng mga naratibo at pagkukuwento) ng mga Ibaloy sapagkat hindi maaaring ihiwalay ang talakayan ng panitikang Ibaloy sa *chiva* na lumilinang dito. Bukod sa pagiging talâ nitó ng kasaysayang pangkalinangan ng mga Ibaloy, inilalarawan ng *ad-dēm* ang kanilang konsepto ng kayamanan; gayundin ang katutubong artikulasyon ng pag-asam at paghilom.

Mga susing salita: *ad-dēm*, *chiva*, awiting bayan, tradisyong pabigkas

ABSTRACT

Ramon P. Santos records in *The Vocal Repertoire of the Ibaloi from Kabayan* (2017) a folk song called the *ad-dēm*, recited during a healing ritual, and a song that invokes a pantheon of Ibaloy spirits to bring their blessings to the world of the Ibaloy: the *balitok* (gold), *kintoman* (red rice), *nowang* (water buffalo), and the *polos* (gábi plant). These elements are charged with a system of meaning and symbolisms contained in the Ibaloy *chiva*, the collective term for narratives and the storytelling activities among the Ibaloy. The present paper describes the *ad-dēm* as a unique record of Ibaloy cultural history, as well as an entrypoint into the discussion of the Ibaloy concept of wealth and an indigenous articulation of healing.

Keywords: *ad-dēm*, *chiva*, folk song, oral tradition

ANG AD-DĒM BÍLANG TEKSTO NG PAGHILOM

Ang katimugang bahagi ng lalawigang Benguet ang itinuturing ng mga Ibalóy¹ bílang ili o báyang pinagmulan. Matatagpuan sa bahaging ito ang mga ili ng Kabayan, Tuba, Itogon, Bokod, Sablan, Tublay, La Trinidad, Kapangan, Atok, at ang siyudad ng Baguio. Kung hindi tumutukoy sa mismong pangkat, Ibaloy o Ivadoy o Inibaloy din ang tawag sa wikang sinasalita ng mga Ibaloy.

Sa saliksik ng Pambansang Alagad ng Sining sa Musika na si Ramon P. Santos na pinamagatang *Ang Repertoryong Pantinig ng Ibaloi sa Kabayan*, tampok ang isang *ad-dēm* na tila binabalangkas ang kasaysayang pangkalinangan ng mga Ibaloy,

Kimosad si Kabigat Bumaba si Kabigat
Inkosad toy balitok to Dalá ang kaniyang ginto
Sikatoy imbaknang cha. Nagpayaman sa kanila.

Kimosad si Bugan Bumaba si Bugan
Inkosad toy kintoman Dalá niya ang kintoman
Sikatoy imbaknang cha. Nagpayaman sa kanila.

Kimosad si Lumawig Bumaba si Lumawig
Inkosad toy nowang to Dalá niya ang kalabaw
Sikatoy imbaknang cha. Nagpayaman sa kanila.

Kimosad si Bangan Bumaba si Bangan
Inkosad toy polos to Dalá niya ang gábi
Sikatoy imbaknang cha. Nagpayaman sa kanila.

Inilarawan ng awitin sa pamamagitan ng pag-uulit

¹ “Ibaloy” at hindi “Ibaloi” ang tinatanggap ngayong tamang baybay, bagaman mas laganap ang baybay na “Ibaloi” sa ilang mga etnograpiya partikular na sa mga kolonyal na dokumento. Ang pagbabago ay dulot ng napormalisang ortograpiya ng wikang Ibaloy sa paglulunsad ng *Ibaloy Dictionary* noong 2011 at ang *Ortograpiya ni Ibalóy* ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2016.

² Ang “kabunyan” ay maaaring gamiting bílang pangalang pantangi o pambalana. Sa obserbasyon ni Claude Moss (1920) ang salitang “bungí” (o “buni”) ng mga Kankanaey at Ibaloy ay may kahulugang “magdasal.” Kung ituring na salitang-ugát ng “Kabunian” o “kabunyan” ang “bungí” o “buni,” ang kabunyan ay tutukoy sa “kanino man iniaalay ang mga dasal.” Kumikiling ako sa salitang “kabunyan” sapagkat may bahagyang pagkakaiba ang kahulugan sa mga konotasyong taglay ng salitang “diyos” (gods) sa tradisyong Hudeo-Kristiyano.

at paralelismo ang panteon ng mga kabunyang² may kani-kaniyang handog sa sangkatauhan; mga biyayang ikinabuhay ng mga sinaunang Ibaloy: ang *balitok* (ginto) na naging batayan ng mga ili sa sinaunang Benguet at kalaunan ay tagpuan ng katutubo at kolonisador; ang *kintoman* (puláng bigas) na hudyat ng agrikultura bílang sumunod na kabuhayan ng mga Ibaloy; ang *nowang* (kalabaw) na bumuo sa mga baknang; at ang *polos* (gábi) bílang koneksiyón ng mga Ibaloy sa kayamanang hindi materyal.

Nakapaloob ang mga kasangkapang ito sa mas malawak na *chiva*, ang termino ng mga Ibaloy sa pagkukuwento at sa kuwento mismo; ang iba’t ibang uri ng naratibong naging saligan ng mga simbolo, talinghagà, at tradisyong nagsasaysay sa karanasang Ibaloy. Inilalarawan ni Fong (2017) ang *chiva* bílang ang

lahat ng anyo ng pagkukuwento at pagbabahagi ng mga salaysay tulad ng mga kuwentong-bayan, talaangkanan, tradisyon, at alamat. Sa maraming komunidad ng Ibaloy noon, naaalala pa rin ng mga tao ang ilang anyo ng *chiva*. Pinahalalagahan ng kultura ng Ibaloy ang mga indibidwal na maingat makinig (matmatnëng) at may kakayahang isalaysay muli ang mga narinig na kuwento (mariba) (i).

Kung ang tradisyon ay isang prosesong nagpapatuloy sa kasalukuyan, ang *addēm* bílang bahagi ng *chiva* ng tradisyónal na lipunang Ibaloy ay maaaring gamitin muli para sa ating panahon. May potensiyál ito

na magdala ng mensahe ng paghilom at paghaharaya ng isang mas makatarungang mundo.

Kaagapay ng pagbása sa ad-dēm ang pagbáling sa iba pang mga teksto tulad ng mga alamat, paniniwala, alaala, at lahat ng namamayaning tema o mga *archetypes* na nakasalikop sa pangkalahatang chiva. Hindi maaaring basahin ang ad-dēm na hiwalay sa chiva na pinagkuhanan ng mga kahulugan.

Isa ring bukal ng yaman ang mismong ad-dēm bílang teksto. Hindi tulad ng mga sekular na awiting-bayan ng mga Ibaloy gaya ng *ba-div* na kinakanta sa kahit anumang okasyon, ang ad-dēm ay kinakanta sa ritwal kayâ bihira at halos hindi na binibigkas sa kasalukuyan. Magkaniig ang ritwal at ang tradisyong pabigkas na nagsasaysay rito, sapagkat isang pagganap ng mitolohiya ang ritwal. Ang ad-dēm ay inaawit sa ritwal na kung tawagin ay *badjog*.

Ang badjog ay isinasagawa ng isang tao o isang mag-anak upang anyayahan ang kaluluwa ng mga pumanaw na ninuno na sabihin ang sanhi ng karamdaman sa mag-anak at kung bakit kayâ hindi malusog ang pagtubo ng mga tanim sa bukirin... Ang badjog ay itinuturing na unang bahagi ng pagdaraos ng pachit (peshit, padit), isang pagdiriwang na nangangailangan ng malaking gugulin. Kapag walang káya ang nagdadaos ng badjog, tinatapos na rito ang pagtitipon at hindi na tumutuloy sa isang pachit. Kung minsan, ang badjog ay sinasabing pachit ng mahihirap sapagkat tatlong baboy lámang ang kinakatay rito (Santos, 95).

Bílang mga ritwal ng paghilom, ang pachit at badjog ay maraming ginagampanan sa lipunan ng mga sinaunang Ibaloy. Ang paghilom na tinatamasa ng ritwal ay hindi lámang paghilom ng pangangatawan at kaisipán kundí paghilom din sa mga hidwaan sa komunidad, at paghilom sa lupa para sa mas masaganang pagtubo ng mga tanim. Ang pachit at badjog ay tinitingnan din bílang obligasyon ng mga may kakayahang magbahagi ng mga biyaya sa kapuwa.

Naging mahalaga rin ang papel ng mga ganitong ritwal-pigíng sa lalong pagpapatibay ng ugnayan sa pagitan ng *baknang* (mayayaman) at *abitëg* (mahihirap) sa tradisyonal na lipunang Ibaloy. Baknang ang mga angkang nagmamay-ari ng malalawak na lupain, mga minahán ng balitok, at mga rancheria. Sa pamamagitan ng mga pachit mas pinaigting ng mga baknang ang kanilang impluwensiya sa komunidad. Pinapakain nila ang mga abitëg, at ang abitëg ay inaasahang maglingkod sa mga baknang na nagsasagawa ng pachit. Samantala ang baknang na hindi nagsasagawa ng pachit ay hindi iginagálang at hindi pinaglilingkuran sapagkat ipinagdadamot niya ang kaniyang mga biyaya. Kayâ naman ang mga ritwal-pigíng ay tagpuan kung saan ang katayuan ng baknang at abitëg ay dumaraan sa transaksyon. Ito ang turo ng isang kuwentong-báyang

nakatalâ sa etnograpiyang *Nabaloi Tales* ni Claude Moss:

If the rich do not give feasts so that the poor may eat, the rich will lose property and become poor. If the poor do not help the rich, their poverty will increase, and they will die.

Once the rich and the poor quarreled. The rich went to one place to live, and the poor went to another place to live. The poor people all became thin, because they had no meat. The rich lost much property, because there was no poor to help them (318–9).

Dulot ng mga transpormasyon sa tradisyonal na lipunan ng mga Ibaloy gaya ng tuluyang pagbabago sa ugnayan ng tao at kalikásan, ang pag-angkin sa mga lupain ng mga Ibaloy ng mga kolonyal na awtoridad at ang pag-iral ng Baguio bílang colonial hill station ng mga Americano, naglaho na rin ang mga ritwal na nagpapatnubay sa isang kaayusang nakadepende sa kasunduan ng baknang at abitëg. Sa pagkawala ng ritwal, nawala rin ang mga naratibo, kuwento, at awiting kaniig ng mga ito.

Kayâ binabalikan ko rito ang ad-dēm na tila isang artifak ngayon. Dakila ang tungkulin nitó sa panahon ng ritwal—ang magtawag ng paghilom. Sa kasalukuyan, pinalilibutan táyo ng mga bagong ritwal ngunit walang paghilom. Naglaho na ba ang bisâ ng isang ad-dēm? Ano pa ang maaaring umusbong na mga bagong pagpapakahulugan sa ad-dēm sa kabila ng paglipat mula sa tradisyong pabigkas tungo sa nakasulat na teksto? Kailangan itong bigyan ng saysay para sa ating panahon, at hayaang maging artikulasyon muli ng ating paghilom.

ANG AD-DĒM BÍLANG DOKUMENTO NG CHIVA AT KASAYSAYANG PANGKALINANGAN

Lumilitaw sa ad-dēm ang pag-iisip na may kamalayan sa kasaysayan, sapagkat ang mga binanggit na mga biyayang nagmumula sa mga kabunyan ay mga kasangkapang naglingang sa lipunang Ibaloy. Ang balitok na dalá ni Kabigat ang siyang naging batayan ng paglulugar sa Benguet, at dalá nitó ang pag-usbong ng agrikultura (ang kintoman na dalá ni Bugan) at pagrarrantso (ang nowang mula kay Lumawig) bílang kabuhayang Ibaloy, at ang buhay-ritwal na sinasagisag ng polos na dalá ni Bangan.

Magsisimula ang kasaysayan ng mga Ibaloy sa balitok. Ayon sa mga historyador, ang mga sinaunang Ibaloy ay umakyat sa mga bundok mula sa Pangasinan³ para sundan ang pinagmulan ng ginto. Sa kaniyang mga saliksik tungkol sa mga sinaunang Ibaloy, binibigyang-diin ng arkeologong si Michael Canilao na ang balitok, hindi agrikultura, ang naging batayan ng pag-usbong ng mga ili sa Benguet:

³ Maaaring tingnan bílang ebidensiya ng common ancestry ang kalapitan ng wikang Ibaloy sa wikang Pangasinan.

Gold played a crucial role in the earliest remembered times in Ibaloi society. In fact, gold extraction may have been the main attraction for the early peopling of the Benguet mountains. We know that the Ibaloi are offshoots of the pre-Hispanic Pangasinan who ventured into the mountains because of gold... Then and again, archival-ethnohistorical sources have shown that gold is a major player in early settlement selection. Even the oral traditions from time to time mention how central gold was to the formative development of Ibaloi culture (47).

Sa unang saknong ng ad-dēm na isinalin ni Santos, ang balitok ay kayamanang nagmula kay Kabigat, ang kabunyang madalas tawagin sa mga dasal at awitin. Sa mitolohiyang Ibaloy, siya ang pangunahing personipikasyon ng kabunyan: minsan ay tagalikha ng sangkatauhan, minsan ay kabunyan ng lindol at ng kidlat, minsan ay kabunyan ng balitok.

Hindi lámang iisa ang mito ng balitok sapagkat katangian ng oral na naratibo ang magkaroon ng iba't ibang barayti. Walang iisang orihinal o pangunahing bersiyon. Kung mayroon mang mas laganap na bersiyon, madalas ito ay bersiyong isinulat, isinalin, at inilimbag sa mga teksbuk o etnograpiya. Bagaman may iba't ibang barayti ang mito, sa tradisyong pabigkas man o sa panitikan, may nagingibabaw pa ring mga archetypes na laging unibersal at pamilyar gayundin sa kanilang estruktura kung saan ang mga di-nagbabago at paulit-ulit na tema ay patuloy na lumilitaw.

Sa mga mas popular na bersiyon ng mito ng balitok, ilang tema ang nangingibabaw: (1) ang balitok ay nagmula sa katawan: katawan ng kabunyang nása mortal na anyo, katawan ng isang dambuhalang punò, katawan ng isang mailap na usa o alíngo, o katawan ng isang malaking ahas; (2) ang gawaing pagkuha o paghúli sa balitok ay bumubuo ng bagong pook o humahantong sa kaganapang magbabago sa hubog ng lupa at kaayusan ng mundo; at (3) ang natamong balitok ay hindi kinikimkim kundi ibinabahagi sa kapuwa.

Ekolohikal ang pangangatawan ng balitok. Hindi lámang ito isang uri ng metal na kinukuha sa lupa sa pamamagitan ng ekstraksiyon. Ito ay may taglay na hiwaga at búhay, iniuugnay sa mga pangangatawang may kinalaman sa espirital na paglalakbay. Tutubo ang balitok mula sa nabubulok na katawan ng isang matandang babae o sa katawan ng isang buntis; ang pagtutugma ng kamatayan at pagsilang. Ang nabubulok na katawan ay tatakpan ng isang *paljok*, ang malaking kalderong karaniwang ginagamit sa mga ritwal-pigíng⁴. Ang dambuhalang punò ay tutubo mula sa katawan at magsisilbing tila *axis mundi* na nag-uugnay ng tao sa kabunyan. Sa pagputol ng tao sa gintong punò, pinutol din niya ang pinal na ugnayan sa banal. Dulot ng hiwalayang ito ang kasalukuyang kaayusan ng mundong

walang mga kabunyan.

Sa bersiyon ng mito ng balitok na idinokumento ni Cecile Cariño, may dahilan ang mga kabunyan sa pagkakaloob nila ng punòng yari sa balitok:

‘Aking mga anak,’ ang sabi niya, ‘dahil inilagay ko kayo sa kabundukan, handog ko sa inyo ang ginto, pilak, at tanso. Ang bawat isa sa iyong mga bundok ay naglalaman ng isang sanga ng malaking punò na ibinigay ko sa inyo. Sa mga bundok niyo maaaring hukayin ang inyong mga *osok* (mga minahán). Ang mga dahon ay itinaon sa mga ilog at doon maaaring salain ang ginto. Ipagpalit niyo ang mga bakal na ito sa mga kapatid ninyo sa kapatagan para sa asin, asukal, at bigas na kakailanganin niyo para sa iyong sarili at sa iyong mga anak. Hinding-hindi mo mararamdaman ang kakapusan (203).

Ang pagtuklas ng balitok ay nagbukás ng mga bagong landas sa mga Ibaloy. Binuksan ng mga ito ang mga rutang mag-uugnay sa ili ng mga Ibaloy sa ibang mga bayan, at ang palitan ng mga produkto ang magpapaunlad sa mga industriyang inangkin na rin nila tulad ng agrikultura at di-kalaunan ay ang pagrarrantso. Inukit ng balitok ang kalupaan. Sinasabing nagkaroon ng mga lindol, pagbaha, at pagguho ng lupa na dulot ng pagputol sa ginintuang punò. At sa pagkaputol ng punò, ang iba't ibang bahagi tulad ng mga sanga at dahon ay ikinalat sa mundo. Kung saan ito napadpad, doon na rin nagtayò ng ili ang mga Ibaloy, kayâ ang balitok ay nagmistulang mga muhon ng mga komunidad sa Benguet. Sa bersiyon ng mito ng balitok na ikinuwento ni Felipe Cosalan:

Nang maláman ng mga tao na ang punò ay ginto, hinangad nilang paghati-hatian ito. Isang araw, napagkasunduan nilang itumba ang punò. Nang gawin nila ito, bumagsak ang pinakamalaking bahagi ng punò sa bandáng Antamok. Ito ang dahilan kung bakit malalaki ang ginto sa nabanggit na lugar. Dahil ubod ng laki ang punò, ang mga ugat nitò ay bumagsak sa Sangilo, Balatok, at Antamok. Ang ibang bahagi ng punongkahoy ay natumba sa bandáng hilaga ng Benguet. Ang mga sanga ay kumalat sa Halsema Highway hanggang sa Lepanto, Mankayan. Ang mga sangang maliliit ay ikinalat sa iba't ibang lugar ng Benguet na pinagminahán ng mga tao (203).

Kung sa mga mito ay balitok ang sanhi ng mga lugar o naging batayan sa paglulugar, gayundin ang balitok sa mga kuwentong-bayan kung saan ang ginintuang katawan ay isang mailap na hayop. Hinuli ng isang sinaunang mangangaso ang ginintuang usa. Hinati

⁴ Isang archetype ang tema ng diyos na namamatay para sa ikabubuhay ng sangkatauhan. Sa mga primitibong relihiyon ang nabubulok na katawan ng diyos ang nagpapataba sa lupa, at lupa ang pinagkukunan ng tao ng lakas. Kinakain ang diyos tuwing ritwal. Ito ang nagbibigay kaayusan sa mundo.

niya ito at ipinamahagi sa mga tao. Gayundin sa mag-asawang naghanap ng matitirhan sa Balegbeg hanggang sa natuklasan nila ang alingo na may gintong balahibo. Doon nila itinayo ang kanilang tiráhan at pinaghatian ang alingo sa mga kasámahan.

Sinasalamin ng pagbabahagi ng balitok sa kapuwa ang paniniwala ng mga Ibaloy sa kaugaliang tinatawag na *sagaok*. Ang pagsasagaok ay ang pagbubukás ng isang minahán para pakinabangan ng lahat ng miyembro ng komunidad. Obligasyon ng isang nakatuklas ng *naba* o gold ore (o kayâ ang may-ari ng minahán) na tawagin ang kapitbahay at ilan pang mga kasámahan para sa pagproseso ng ginto sapagkat ang pagmimina ay hindi pagsisikap ng indibidwal lámang ngunit ito ay gawaing kolektibo. Inaasahan ang pagbabahagi ng balitok sa lahat ng tumulong sa pagproseso at kung sinuman ang hindi sumunod sa sagaok (ang hindi magtawag ng mga kapitbahay o kasámahan sa komunidad) ay makararanas ng malas gaya na lang ng biglaang pagkawala ng ginto. Patuloy ang mga biyaya mula sa mga anito sa sinumang hindi ipinagdadamot ang balitok sa kapuwa.

Kaakibat ng pag-angkin ng kayamanan ang maayos na pakikisalamuha sa kapuwa. Hindi layunin ang paglikom sapagkat ang pagkuha ng balitok ay hindi dapat hihigit pa sa kinakailangan ng panahon. Nakaugat ito sa paniniwala ng mga Ibaloy na ang labis na pagkuha mula sa likás na yamang ipinagkaloob ng mga kabunyan ay laging humahantong sa kalamidad.

Kayâ ang mga tradisyonal na pamamaraan ng mga Ibaloy sa pagmimina ay nanatiling payak, kung saan hindi kinakailangan ang sopistikadong teknolohiya sapagkat hindi pangmalawakan ang saklaw ng mga minahán at hindi pangmaramihan ang kinukuhang balitok sa mga bundok (Canilao, “Transformations,” 156). Nariyan ang balitok na dinadala sa mga malalayong lugar at ipinangangalakal; ito ang nagpayaman sa mga Ibaloy sapagkat ang pagiging bukás ng isang lipunan sa kalinangan ng iba ay may dulot na pakinabang. Ang sagaok ang siyang nagbabagong-anyo sa naba upang ito ay maging ganap na balitok; binibigkis ng pagprosesong ito ang komunidad.

Balitok din ang siyang nagbukas ng Benguet sa kolonyal na tagpuan. Ang mga minahán ng Igorot⁵ ang pangunahing salik ng pagpasok ng mga Español sa Cordillera sa hulíng mga dekada ng ikalabing-anim na dantaon (Scott, 9), partikular na ang mga minahán sa timugang bahagi ng Cordillera na kinabibilangan ng mga lupaing Ibaloy; ang pangunahing pinagkukunan ng balitok sa Luzon (Caballero, 15).

Bagamat hindi nagtagumpay ang mga Kastila na sakupin ang mga minaháng Igorot, nagdulot ang

kanilang mga ekspedisyong ng mga pagbabago sa pamumuhay ng mga Ibaloy. Sa katunayan, upang hindi pa mabighani ang mga dayuhan sa presensiya ng ginto sa mga bundok, tuluyang iniwasan ng mga Ibaloy ang pagmimina at naghanap ng ibang mapagkukunan ng ikabubuhay (Canilao, “Transformations,” 161).

Sa panahon naman ng mga Americano, minadali ng imperyalistang taktikang benevolent assimilation ang pagbukas ng ilang mga minahán, kayâ lalo pang naudyok ang mga Ibaloy na maghanap ng alternatibong kabuhayan. Sa pagpapatupad ng Philippine Bill ng 1902 na nagbigay karapatan sa mga mamamayan ng Estados Unidos na magbukas ng mga minahán sa Pilipinas (Canilao, “Transformations” 158), at ang nangyaring Gold Rush noong dekada 1930 kung saan dinumog ang bulubunduking Benguet, tuluyan nang napatigil sa kaugaliang pagmimina ang mga katutubong Ibaloy matapos ang pitóng dantaon (Canilao, “Transformations,” 159).

Dulot ng paglipat ng pangkabuhayan mula sa pagmimina túngo sa pagrarantso at pagtatanim ng palay, tila nabawasan ang sikad ng balitok sa paglinang ng kulturang Ibaloy. Ayon sa pananaliksik ni Canilao, sa ilang tradisyong pasalita ng mga Ibaloy ngayon, bihirang banggitin ang balitok at pagmimina bílang sanhi ng pagbuo ng mga sinaunang pamayanan. Ngayon, sa namamayaning naratibo ng mga baknang, agrikultura ang siyang tinutukoy na batayan ng pagtayô ng mga sinaunang komunidad (Canilao, “Of Gold” 38). Sa kasalukuyan, ang balitok sa Benguet ay patuloy na minimina ng mga malalaking korporasyon. Ang balitok na dalá ni Kabigat ang “nagpayaman sa kanila.”

Kaakibat ni Kabigat ang pagdating ni Bugan, ang kaniyang asawa o minsan naman ay kapatid na babae. Kalauna’y bumabâ naman ang kabunyang si Bugan, kasunod ni Kabigat. Maging kabilang man sa tambalang Kabigat at Bugan o bílang pangunahing kabunyang tinatawag sa mga dasal, si Bugan ay karaniwang binabanggit sa mga ritwal na madalas ay may kinalaman sa palay at sa paghilom⁶.

Matagal nang kamote at gábi ang pangunahing pagkain ng mga Ibaloy (Afable, 896) at mas nahulíng magtanim ng palay ang mga Ibaloy kung ikukumpara sa mga pangkat sa hilaga ng Benguet kung saan nakatirá ang mga Kankanaey, Bontok, at Ifugao. Gayunpaman, sinubukan din ng mga Ibaloy na magtanim ng palay sa binahang mga taniman ng gábi noong unang bahagi ng ikalabing-siyam na dantaon nang unang bumisita si Galvey doon.

Sa katunayan, ang mga unang *payyo* o rice terraces ng mga Ibaloy ay ginawa ng mga manggagawang

⁵ Sa mga kolonyal na pagsasaysay, binansagan ng mga Kastila ang mga Ibaloy at ibang pangkat sa Cordillera bílang *infiels* dahil sa kanilang aktibong pagsalungat sa pagsalakay ng mga kolonyal na awtoridad. Pinaigting ng diskurso ng mananakop ang mistulang pagkakaiba o pagka-Other ng mga grupong hindi sumailalim sa pananakop kaya’t nabuo ang salitang *igorrotes* o Igorot bílang kolektibong pagbansag sa mga pagano ng bulubunduking Cordillera. Ginamit din ang bansag para paigtingin ang pagkakaiba ng tagapatag sa taga-bundok. Patuloy pa rin ang bisa ng mga ganitong konstrak sa pagharaya sa mga katutubo ng rehiyong Cordillera. Sa bernakular, itinuturing ngayon ng mga Ibaloy, Kankanaey, at Bontoc ang salitang “Igorot” bílang positibo at hindi mapanlait na pagbansag sa mga taga-Cordillera—isang reklamasyon sa termino na para sa ilang taga-Benguet at Mountain Province ay hindi malaking dilema.

⁶ Ilan sa mga ritwal na ito: ang *bekak* na isinasagawa pagkatapos ng unang ani ng palay para masigurado ang kalusugan ng pamilya; ang *batbat* na isa ring ritwal ng paghilom ng anumang uri ng sakit; ang *diyaw* na isinasagawa sa palayan pagkatapos itanim ang mga binhi; at ang *kosdey* na isinasagawa para sa pagpaparami pa lalo ng ani tuwing panahon ng tagtuyot

Kankanaey, at balitok ang ipinambayad sa kanila. Masasabi ring ang mga Ibaloy at ang kanilang dating kaaway na pangkat mula sa hilaga ay nagpalitan ng kalinangan; balitok kapalit ng teknolohiya sa pagtanim ng palay (Afable, 896). Malamáng si Bugan ay kabunyang hiniram din ng mga Ibaloy sa mga kalapit na pangkat sa hilaga sapagkat may kabantugan din si Bugan sa mga naratibong bayan ng mga Kankanaey at Ifugao.

Sinasalamin ng mga kuwentong-bayan ng mga Ibaloy ang palitang ito kung saan ang palay ay nagmumula lagi sa tirahan ng estranghero o sa purok ng mga kabunyan. Malinaw na ang pagtatanim ng palay ay industriyang iipinakilala sa mga Ibaloy at ito ang nagsilbing pandagdag sa kinagawiang kamote at gábi. Pinapawi ng bigas ang gútom, katulad ng imahe ng “pagdami” ng bigas kapag nagiging kanin sa palayok. Kawángis ang pagpaparami ng mga biyaya. At tulad ng pagbabahaging nagaganap sa sagaok, ang mga tauhan sa mga alamat ng palay ay bibigyan ng mga anito at kabunyan ng bigas na kanila ring ipamamahagi sa kapuwa. Sapagkat ang kintoman na handog ni Bugan, yaong puláng bigas ng mga taga-Benguet, ay maituturing ding ibang uri ng balitok dahil sa angking kapuláhan⁷.

Kintoman din ang pangunahing kasangkapan sa paggawa ng tapëy na siya ring mahalagang bahagi ng mga ritwal, kayâ ito ang itinatanging bigas ng mga anito. Sinasabi ring ang tubig mula sa pinakulong kintoman ay ginagamit bílang pandagdag sa gatas ng mga sanggol. Tunay ngang ang kayamanang handog ni Bugan sa mga Ibaloy ay isang mundong sinusustento ng kasaganahan at pagbubukas-palad.

Isa sa mga naging alternatibong kabuhayan ng mga Ibaloy sa pagmimina ang pagtayô ng mga rancheria. Ito ang pagdating ni Lumawig sa kamalayan ng mga Ibaloy, sapagkat ang diyos na ito ay kilalá bílang tagapagparami ng mga hayop.

Tulad ni Bugan, si Lumawig ay malamáng isa rin sa mga kabunyang hiniram ng mga Ibaloy mula sa kanilang mga datig sa hilaga. Sa katunayan, sa mga kanta at mito ng mga Ibaloy, bihirang banggitin si Lumawig, ngunit siya naman ang pangunahing kabunyan ng mga Kankanaey at Bontok. Malaki ang kahalagahan at tungkulin ni Lumawig sa mga Bontok sapagkat siya ang itinuturing na dakilang manlilikha ng kanilang kultura. Maaaring ipalagay na sa kadahilanang si Lumawig din ang henyong may kapangyarihang paramihin ang mga usa sa gubat at mga alagang baboy, ipinataw rin sa kaniya ang kapangyarihang makapagparami ng mga nowang sa pastulan ng mga Ibaloy.

Itong pagbáling ng mga Ibaloy sa pagrarrantso ang nagpaigting sa katayuan ng mga baknang o mayayamang angkan sa Benguet, sapagkat ang bílang ng mga nowang ay tumutugma rin sa lawak ng nasasakupang lupain. Kung ang balitok ang nagparami ng nowang, balitok din ang isa sa mga salik na nagwakas dito dulot ng pagpasok ng mga kolonisador na inaasam ang ginto ng Benguet.

“The 1700s Spanish reports for cattle on the slopes of Mt. Santo Tomas tell of this direct result of Benguet gold sales in Ago. The cattle economy was revived in the 1800s, and in the early twentieth century, the American government reported 25,000 head in Benguet. Most of these had to be moved out of the city as the construction of Baguio’s center began” (Afable, 896).

Ang ugnayang baknang at abitëg ay tuluyang naglaho dalá ng pagtaboy sa mga báka at kalabaw at sa pagkawala ng mga pastulan. Espasyo at pagkakalugar, lalo na sa ngayo’y kinikilalang siyudad ng Baguio, ang tuluyang nawala sa mga baknang.

ANG AD-DĒM BÍLANG TEKSTO NG PAGGUNITA AT PAG-ASÁM

Sa pinakahuling saknong ng itinampok na ad-dēm, ang polos na dalá ni Bangan ay naaangkop na kasangkapan sa naratibo ng paghilom. Hindi basta “gábi” ang binanggit kundi ang “polos” na tumutukoy sa bahagi ng halamang gábi na itinatanim. Inaalay ang polos tuwing ritwal ng mga yumao dahil ito raw ang itinatanim ng mga kaluluwa ng mga ninuno sa kabílang mundo. Ang polos ay itinuturing isa sa mga kayamanang handog ng mga kabunyan, inilalarawan ang mahalagang partisipasyon ng mga ninuno sa pagbibigay ng yaman. Ang tagapagdala ng polos ay si Bangan na minsan ay pangalan ng laláki at minsan din ay pangalan ng babae. Ang kaniyang pangalan ay nagmula sa salitang *baeng* o *baang* na tumutukoy sa mga hardin o ang mga lugar malapit sa bahay kung saan inilibing ang mga yumaong kaanak.

Dalá ng napagkasunduang pagpapakahulugan ng polos na handog ni Bangan, mahalaga rin ang kapakanan ng mga kaluluwa at ng mga hindi nakikitang elemento sa pangkalahatang pag-iral ng tao sa mundo sapagkat ang paggunita ay kayamanan din.

Kung babalikan ang mga naunang tinawag na kabunyan sa ad-dēm, lumilitaw na ang pagkabaknang ay nakabatay hindi lámang sa balitok, kintoman, nowang, at iba pang materyal na kayamanan, kundi ang kanilang kaakibat na pagpapakahulugan sa espiritwal at mitolohikal na búhay ng mga Ibaloy.

Tunay ngang hindi maaaring basahin ang ad-dēm na hiwalay sa chiva na pinagkuhanan ng mga kahulugan, sapagkat ang balitok ay nag-uangkat ng kolektibong alaala tungkol sa mismong pagbuo ng pagkakakilanlang Ibaloy, at gayundin ang mga napagkasunduang sistema ng pagpapakahulugang inuangkat ng mga elementong ito.

Higit pa sa paggunita, ang ad-dēm ay naghahayag ng pag-asám; hindi lámang dokumento ng nakaraan kundi hangárin. Sa isang ritwal-pigíng tulad ng pachit,

⁷ Sa mga sinaunang lipunan, ang kategorya ng kapuláan ay tumutukoy sa mga sinaunang puwersa ng apoy, luwad, dugo, kalawang, at ilang mga kakulay na mineral na matutuklasan sa kalikásan. Isa na rito ang ginto, ang metal na pinakamadaling ihulma sa anumang hugis at anyo, di-kinakalawang, di-kumukupas ang ningning, at karaniwang itinatangi bílang simbolo ng kayamanan at kabanalan.

kasáma ng man-ad-dēm⁸ ang mambunong⁹ sa pagtawag ng mga kabunyan at ang handog nilang mga biyayang makapagbibigay-yaman sa lahat. Pagkatapos ng mga dasal mula sa mambunong, kumakanta ang mga man-ad-dēm:

Dioso, Kabunian, tomango num agsaya balitok?
Dioso, Kabunian, tomango num agsaya pagui?

Ano, Kabunian, ang magpapayaman sa amin kung hindi ang ginto?

Ano, Kabunian, ang magpapayaman sa amin kung hindi ang palay?¹⁰

Ayon kay Moss, inuulit ang mga linyang ito habang ang salitang *balitok* ay pinapalitan ng *pagui* (palay), kamote, nowang, o anumang kasangkapang itinuturing na materyal na kayamanan. Maaaring basahin ang nauulit na mga taludtod ng ad-dēm bilang pagpapahayag ng tindi ng damdamin o ang “pag-aantas ng kasidhian” na inilarawan ni Yapan sa kaniyang pagsusuri ng pag-uulit bilang katangian ng ating katutubong panitikan:

“Mahigpit ang kaugnayan ng pag-uulit sa pangangasiwa ng kasidhian. Nása estruktura mismo ng pag-uulit ang makalikha ng mga antas ng papatinding kasidhian, sa pagiging maulit, o sa pagkalusaw ng kasidhian, sa paghinto ng mga pag-uulit. Nása kalibrasyon ng mga gagawing pag-uulit ang regulasyon din ng mga antas ng kasidhian. Mapapansing nása pinakahimaymay ng mga ritwal sa pagpatay at pagkamit ng mga agimat sa katutubong pamayanan ang mismong estruktura ng pag-uulit. Napakahalagang salik sa anumang ritwal ang ehersisyo ng pag-uulit” (46).

Laganap din ang mga taludturang inuulit sa mga dasal ng mga mambunong tuwing pachit, ang ritwal-piging na tinutupad din ang kapangyarihan ng isang “agimat sa katutubong pamayanan.” Sa talâ ni Moss¹¹ ng mga dasal at kuwento sa pachit, mapapansin ang paulit-ulit na paggamit ng pag-uulit:

(1) *Kadasantaka. Datokantaka:*
ombaknangka, onbaknangak, onbaknang i
makabali. On palpaladka, onpalpaladak,
onpalpalad i makabali.

Pinahiran ka na. Ito ang sinasabi ko sa iyo: yumaman ka nawa, yumaman ako nawa, yumaman nawa ang may-ari ng tahananang ito. Mabuhay ka, mabuhay ako, mabuhay ang may-ari ng tahananang ito.

(2) *Datokantaka: mabodinka i*
magasak, mabodinak i magasak, mabaodin

i makabali m magasak. Datokantaka agi:
ampakpakanka i magabay, ampakpakanak i
magabay, ampakpakan i makabali i magabay.

Ito ang sinasabi ko sa iyo: Nawa’y pagpalain ka, nawa’y pagpalain ako, nawa’y pagpalain ang may-ari ng tahananang ito. Ito ang sinasabi ko sa iyo: Magbunga nawa ang iyong pinakain, magbunga nawa ang pinakakain ko, magbunga nawa ang pinapakain ng may-ari ng tahananang ito.

(3) *Sikama Kabigat chi inaykayang,*
Kabigat chi inachalum, Kabigat chi inakawa,
Kabigat chi panbody ni akou, Kabigat chi
ditopan, Kabigat chi panbody ni chanom,
Maseken chi inaychalum, Akodau chi
inaychalum, Maseken chi kadinoki chi chanom,
Akodau chi kadinoki chi chanom; sikayo
angitochi ngiay pachit ja ibakbnangmi i
ipalpaladmi. Sikama Bakching ja tinodan
ni Kabunian ja apomi. Sikam i itoroan ngiay
ja nunong, tap inbunonganmo i bimaknang
i pimalpalad. Abatankoso ni bunongmo,
albatankoso ni bunongmo say onbaknangmi
tan onpalpaladmi.

Ikaw Kabigat ng kataas-taasan, Kabigat ng kailaliman, Kabigat ng pinakagitna, Kabigat sa pagsikat ng araw, Kabigat ng kanluran, Kabigat sa pagtaas ng mga ilog. Maseken ng kailaliman, Akodau ng kailaliman, Maseken sa lagusan ng tubig, Akodau sa lagusan ng tubig; ituro ninyo ang pachit, payamanin ninyo kami, pahabain ninyo ang aming buhay. Ikaw Bakching na tinuruan ni Kabunian, ituro ninyo ang dasal, dahil yumaman ang mga ipinagdasal mo at binigyan ng mahabang búhay. Ituro ninyo ang dasal para kami ay yumaman at humaba ang aming búhay.

Ayon kay Yapan, hindi kinakailangang may kaakibat na representasyon ang mga inuulit, at hindi lámang ito tila mga memory mnemonics na gumagabay sa mismong pagbigkas. Maaaring tingnan ang mga inuulit bilang indikasyon o kalibrasyon ng kasidhian.

Dahil kinakanta ito sa konteksto ng ritwal, ang ad-dēm ay naghahayag ng daing na tumitindi ang epekto sa pamamagitan ng pag-uulit, kayâ ang inaasam na pagbaknang ng mga tao ay inihahayag nang paulit-ulit: “Sikatoy imbaknang cha” (Nagpayaman sa kanila), “ibakbnangmi i ipalpaladmi” (payamanin ninyo kami, pahabain ninyo ang aming búhay), “ombaknangka, onbaknangak, onbaknang i makabali” (yumaman ka nawa, yumaman ako nawa, yumaman nawa ang may-ari ng tahananang ito).

Angkop dito ang salitang Ibaloy na *tolod* na

⁸ mangangawit ng ad-dēm, karaniwa’y mga kababaihan

⁹ pangunahing tagapagdasal; ang namamatnugot sa mga ritwal, karaniwa’y lalaking malawak ang kaalaman sa chiva

¹⁰ Mula sa dokumentasyon ni Claude Moss na *Nabaloi Law and Ritual* (1920); ang salin sa Filipino ay akin.

¹¹ Mula sa dokumentasyon ni Claude Moss na *Nabaloi Law and Ritual* (1920); ang salin sa Filipino ay akin.

tumutukoy hindi lang sa mismong gawaing “tumulong” kundi pati na rin sa pagnanasang mas palakasin pa ang epekto ng isang ritwal¹². Masasabing ang pag-uulit ay isang uri ng tolod dahil tinutulungan niyang itulak ang pagkakatupad ng inaasam.

Sa gayon, maaaring basahin ang ad-dēm kaugnay ng iba pang mga tradisyong pasalita ng Ibaloy, ang sekular man o ang para sa ritwal. Magkatulad ang sekular na ba-diw at ang ad-dēm ng ritwal sa mga layong magtawag at mag-tolod para sa biyaya, kasaganahan, at paghilom. Masasabi rin kayâ nating ito na ang poetika ng isang awiting Ibaloy?

LAGOM

Bilang isang tekstong kaagapay ng isang ritwal na bihira nang isinasagawa, ang ad-dēm ay tila naging isang nakasulat na artifak na lámang ng animistikong nakaraan ng mga Ibaloy. Ngunit kung muling susuriin, taglay pa rin niya ang sistema ng paninimbolo at pagpapakahulugang napagkasunduan ng ilang henerasyon—ang kabuuang chiva na patuloy na naglilining sa paghaharaya at pagsasaysay ng mga Ibaloy. Sa pamamagitan ng pagtawag sa mga kabunyan, tinatalâ ng ad-dēm ang kasaysayang pangkalinangan ng mga Ibaloy. Tinutukoy ang balitok, kintoman, nowang, at polos bílang mga kasangkapan sa pagpapakayaman, at sa pamamagitan nitó, nag-uungkat din ng konsepto ng kayamanang hindi lámang materyal kundi ang mga kaakibat na mga kaugalian. Hindi lámang talâ ng nakaraang mga kaugalian ang ad-dēm; ito rin ay

¹² Ibaloy Dictionary. “Tolod” v. [also, to make something effective, efficacious. “Itodod (jo) iyay 9ja) sagawsaw mi.” (Make this sagawsaw ritual of ours effective.)]



SANGGUNIAN

Afable, Patricia. “Notes on Ibaloy Cultural History: A Photographic Essay.” *Ibaloy Dictionary*. Baguio: Diteng and Cordillera Studies Center, University of the Philippines Baguio, 2011.

Caballero, Evelyn J. *Gold from the Gods: Traditional Small-Scale Miners in the Philippines*. Giraffe Books, 1996.

Canilao, Michael Armand P. *Of Gold, Spanish Conquistadors, and Ibaloi Generational Memory*. Baguio: Cordillera Studies Center, University of the Philippines Baguio, 2011.

Canilao, Michael Armand P. “Transformation in Ibaloi Gold Extraction from the Protohistoric Period to the Current Era (14th c.- 20th c.)” *Agham Tao*, vol. 20, 2011, 146–64.

Cariño, Cecile. “The Golden Tree of the Ibalois: A

paghaharaya at pag-aasam para sa isang mundong mas patas, kung saan ang pagkamkam ay salot ng isang lipunan, at ang kasaganahan ay karapatan ng lahat.

GLOSARI

abitëg - tumutukoy sa mga Ibaloy na walang kakayahang magsagawa ng mga pachit at iba pang mahahabang ritwal na nangangailangan ng mas malaking pondo

ad-dēm - inaawit tuwing badjog

badjog - isang ritwal kung saan ang mga kaluluwa ng mga pumanawa na ninuno ay inaanyayahan upang tukuyin ang sanhi ng karamdaman ng isang nagkasakit na mag-anak; unang bahagi ng mas mahabang ritwal na kung tawagin ay pëshit

baknang - tumutukoy sa mga mayayamang angkan ng mga Ibaloy; madalas ito ang mga pamilyang nagmamay-ari ng mga malalawak na rancheria; mga pamilyang may kakayahang magsagawa ng mga pachit kung saan kinakailangang pakainin ang buong komunidad.

balitok - ginto

chiva - kabuoang katawan ng mga naratibo at tradisyon na inihatid sa pamamagitan ng pagkukuwento at tradisyong pasalita

kintoman - pulang bigas

man-ad-ad-dēm - taga-awit ng ad-dēm

nowang - kalabaw

pachit/pëshit - mas mahabang ritwal ng paghilom na kinabibilangan ng badjog; dahil sa kahabaan nitó, ang mga baknang lang ang may kakayahang magsagawa nito

polos - bahagi ng halamang gabi na itinatanim muli at isang handog sa mga kaluluwa upang makapagtanim din sila ng polos sa kanilang mundo

Folktale.” *Folklore Studies*, vol. 17, 1938, 201–3, <https://doi.org/10.2307/1177384>.

Cosalan, Felipe. “Ang Pinagmulan ng Ginto sa Benguet.” *Mga kaalamang-bayan ng Cordillera: Is-istoriya shi Tubday, is-istolya id Sagada, a-apoh ad Ifugao*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.

Moss, Claude R. *Nabaloi Law and Ritual*. California: University of California Press, 1920.

Moss, Claude R. *Nabaloi Tales*. University of California Press, 1924.

Santos, Ramon P. *The Vocal Repertoire of the Ibaloi from Kabayan / Ang Repertoryong Pantinig ng Ibaloi sa Kabayan*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2017.

Yapan, Alvin B. “Ang Pag-uulit sa Katutubong Panitikan.” *Reading the Regions 2: Philippine Folk and Oral Traditions*. Manila: National Commission for Culture and the Arts.

Si **L.A. PILUDEN** ay isang Kankanaey-Ilokano-Ibaloy, ipinanganak sa Bauko, Mountain Province at lumaki sa Baguio City; dating guro sa St. Mary's School of Sagada; kasalukuyang nagtuturo ng panitikan sa Unibersidad ng Pilipinas Baguio kung saan siya nagtapos ng BA Language and Literature; kumukuha ng MA Language and Literature sa parehong unibersidad; nagsusulat tungkol sa folklore at panitikan ng kinagisnang Cordillera partikular ang mga Ibaloy at Kankanaey; miyembro ng Ubbog Cordillera Writers at Baguio Writers Group.